





# Bagong kredito ng buwis para sa mga manggagawa sa Washington ang magsisimula sa 2023!

Ang Kredito ng buwis para sa mga Nagtatrabahong Pamilya ay magbibigay ng mga bayad na hanggang $1,200 sa mga indibidwal atKredito ng buwis pamilya na nakakatugon sa ilang partikular na kinakailangan para maging karapat-dapat.

**Sino ang karapat-dapat para sa kredito ng buwis?**
Kuwalipikado ang mga indibidwal at pamilya kung natugunan nila ang mga sumusunod na kahilingan:

- Nakatira sa Washington sa loob nang hindi bababa sa 183 araw.
- Hindi bababa sa 25 taon at wala pang 65 taong gulang O may kwalipikadong anak sa 2022.
- Nakapag-file ng buwis sa gobyerno para sa 2022 na may Numero ng Social Security (Social Security Number, SNN) o Numero ng Indibidwal na Nagbabayad ng Buwis (Individual Taxpayer Identification Number, ITIN).
- Kuwalipikado para sa Kredito ng Buwis sa Pinagtrabahuhang Kita ng gobyerno sa kanilang buwis para sa 2022.
  – Pumunta sa www.irs.gov/eitc para matuto pa.
- Natutugunan ang ilang partikular na kinakailangan sa kita (tingnan ang talahanayan).

**Magkano ang makukuha ng mga indibidwal at pamilya?**
Nakadepende ang Kredito ng buwis para sa mga Nagtatrabahong Pamilya sa bilang ng mga kwalipikadong anak at antas ng kita. Ang minimum na credit ay $50, anuman ang bilang ng mga kwalipikadong anak. Tingnan ang talahanayan para sa mga pagtatantiya batay sa mga threshold ng kita para maging karapat-dapat sa 2021.

**Ano ang mga threshold ng kita?**

| Bilang ng mga kwalipikadong anak | dapat na mas maliit ang kinikita ng indibidwal kaysa sa sumusunod | | Maximum na halaga ng credit |
|---|---|---|---|
| | Walang Asawa | May Asawa (Magkasama o *joint ang pag-file)* | |
| 0 | $21,430 | $27,380 | $300 |
| 1 | $42,158 | $48,108 | $600 |
| 2 | $47,915 | $53,865 | $900 |
| 3 *or more* | $51,464 | $57,414 | $1,200 |

Puwede nang magpasa ng aplikasyon sa Pebrero 1, 2023 at tatanggapin ito hanggang Disyembre 31, 2023.

**Para ma-access ang higit pang impormasyon o mag-sign-up para sa mga update, bisitahin ang aming website: WorkingFamiliesCredit.wa.gov o tumawag sa 360-763-7300.**

Department of Revenue Washington State